Republic of the Philippines
**CITY COUNCIL**
**City of Manila**

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 117

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 134
**Serye ng 2024**

**KAPASIYAHAN** NA HUMIHIKAYAT SA PAMAHALAANG LUNGSOD, BARANGAY, PRIBADONG SEKTOR AT MAMAMAYAN NG LUNGSOD NG MAYNILA NA MAGING MAALAM AT MAINGAT SA BANTA NG RABIES NGAYONG PAPASOK ANG BUWAN NG TAG-INIT KASABAY NG PAGHAHANDA SA NAKATAKDANG *RABIES AWARENESS MONTH* ALINSUNOD SA REPUBLIC ACT NO. 9482 O ANG "ANTI-RABIES ACT OF 2007"

MGA MAY AKDA: **KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR.**, KGG. BENNY FOG T. ABANTE III, KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. KRYSTLE MARIE C. BACANI, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG. LARIS T. BORROMEO, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. MOISES T. LIM, KGG. NUMERO G. LIM, KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. DARWIN B. SIA, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, KGG. JULIANA RAE M. IBAY, **KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA**, Punong Minorya, **KGG. MACARIO M. LACSON**, Pangulong Pansamantala, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.**, Punong Mayorya at **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**, Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo

SAPAGKAT, tungkulin ng Pamahalaang Lungsod na paalalahanan at protektahan ang kaniyang nasasakupan laban sa banta ng rabies;

SAPAGKAT, malaki ang maitutulong ng pagkakaroon ng kaalaman patungkol sa nakamamatay na rabies;

SAPAGKAT, mahalagang tuluy-tuloy ang pagbabakuna ng mga alagang aso at pusa para makaiwas sa rabies at upang hindi makapamuksa: KAYA, NGAYON, nangyaring

IPINASYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na humihikayat sa pamahalaang lungsod, barangay, pribadong sektor at mamamayan ng Lungsod ng Maynila na maging maalam at maingat sa banta ng Rabies ngayong papasok ang buwan ng tag-init kasabay ng paghahanda sa nakatakdang *Rabies Awareness Month* alinsunod sa Republic Act No. 9482 o ang "Anti-Rabies Act of 2007"; at NANGYARI NA MULING

IPINASYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahan na ito ay maipamahagi sa tanggapan ng Punong Lungsod Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, tanggapan ng mga Punong Barangay sa Maynila at Kagawaran ng Kalusugan ng Maynila (MHD).

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "YUL SERVO" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 5 ng Marso 2024.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/avs